PAGHAMON NA MAGING KARAPAT-DAPAT SA PAANYAYA NG DIYOS

Ika-28 Linggo sa Karaniwang Panahon [A] ● Oktubre 9, 2011
Linggo ng mga Katutubo



Mga Pagbasa

* **Isa 25:6-10 –** Ang piging ng Mesiyas ay sagisag ng masuyong plano ng Diyos para sa lahat ng tao.
* **Fil 4:12-14.19-20 –** Si Pablo ay humahango sa Diyos ng lakas para matiis ang lahat ng kanyang paghihirap.
* **Mt 22:1-14 –** Binalaan ni Hesus ang mga pinuno ng Israel na huwag tanggihan ang panawagan ng Diyos.

Paunang Salita

Sa lahat ng nilikha ng Diyos, tayong mga tao ang higit na mahal ng Diyos at bukod-tanging nilikhang kawangis Niya. Bukod-tangi ring sa tao Siya may personal na ugnayan at inilaan Niyang makapiling nang walang hanggan sa kabilang buhay. Ito ang "langit" na inihahambing ng Banal na Kasulatan sa isang piging ng kasaganaan at kaligayahan.

Nais ng pagmamahal ng Diyos na lahat ay makiisa sa kapistahan ng buhay. Ang gayong pagtitipon ng lahat ng bansa ay nagsisimula na rito sa buhay na ito sa pamamagitan ng itinatag na Simbahan, ngunit magiging ganap pa lamang sa panahong darating.

Lahat ay inaanyayahan dito, ngunit di ito tinanggap ng lahat. Di lahat ng may nais makabahagi sa dakilang piging ay may tamang disposisyon. Kaya nga, "Marami ang inaanyayahan ngunit ang nahirang ay iilan lamang," hindi dahil sa ang pag-ibig ng Diyos ay di para sa marami, kundi dahil sa ito'y inayawan ng ilan.

Ang hamon sa atin ngayon ay pahalagahan ang paanyaya ng Diyos sa Kanyang piging at iwaksi ang ating pagiging di karapat-dapat sa Kanya.

UNANG PAGBASA • Isa 25:6-10

Balangkas

*** 6** – Pangitain ng piging ng Mesiyas
*** 7-8** – Panlahat na paglilinaw at kasiyahan
*** 9-10a** – Awit ng pasasalamat sa Panginoon

Kaligirang Pangkasaysayan

Nabuhay ang propetang si Isaias sa madulang bahagi ng kasaysayan ng mga Taong Hinirang samantalang handa namang makapangyari ang mga taga-Asiria sa mga kalapit bansa at sa pagbaba ng moralidad sa mga Kaharian sa Hilaga at sa Timog.

Sa gayong kalagayan hinirang ng Panginoon si Isaias upang magpari noong namatay si Uzias (742 BC). Nangaral siya sa Kaharian ng Juda sa ilalim ng tatlong magkakasunod na haring sina Jotam, Acaz, at Hezekias (742-687 BC).

Nahulog sa mga taga-Asiria ang Hilagang Kaharian noong 721 BC na ikinagalit ng mga taga-Timog. Nilusob din ng mga taga-Asiria ang Jerusalem noong panahon ng paghahari ni Haring Acaz, ngunit mahimalang hindi natalo, gaya ng unang ipinahayag ng propetang si Isaias.

Nagtangkang makaligtas ang mga pinuno ng Juda sa kanilang pagpanig sa Egipto, na isa pang makapangyarihang bansa noon. Ipinipilit naman ni Isaias na sa halip ay sa Panginoon lamang sila dapat magbalik-loob para sa kanilang kaligtasan.

Sinikap din ni Isaias na harapin ang krisis hanggang sa panahon ng Mesiyas, kung kailan inaasahang magbubunga ng kapayapaan at kaligayahan para sa lahat ang dakilang plano ng Panginoon. Ang ganitong pangitain ay makikita sa tinatawag na "Apokalipsis ni Isaias" (24:1-27:13).

Panimula

Ang sipi para ngayon na hango sa Aklat ni Isaias ay katangi-tangi dahil sa:

a. pagiging panlahat ng pagdulog sa piging ng Mesiyas (tt. 6-7); at
b. pagpawi sa kamatayan at paghihirap (t. 8a) – na gagamitin ni Juan bilang isa sa mga katangian ng "bagong langit at bagong lupa." *(Sangguniin Pah 21:4.)*

Isaias 25:6-10a

6 Sa Bundok ng Sion, aanyayahan ng Panginoon ang lahat ng bansa. Gagawa siya ng isang piging para sa lahat na ang handa'y masasarap na pagkain at inumin.

7 Sa bundok ding ito'y papawiin niya ang kalungkutang naghahari sa lahat ng bansa. 8 Lubusan na niyang papawiin ang kamatayan. Papahirin ng Panginoon ang luha ng lahat; aalisin niya sa kahihiyan ang kanyang bayan.

9 Kung magkagayon, sasabihin ng lahat: "Siya ang ating Diyos na ating pinagtitiwalaan, ang inaasahan nating magliligtas sa atin. Magalak tayo at ipagdiwang ang kanyang pagliligtas." 10 lingatan ng Diyos ang bundok na ito.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Ano ang pakahulugan ko sa langit?
2. Ano ang kinalaman nito sa aking mga pagpapasiya at pag-uugali?
3. Mahalaga ba sa akin ang kaligtasan ng mga di Kristiyano? Bakit?
4. Ano ang naitutulong ko sa ikatutupad ng mga plano ng Diyos sa kanila?

IKA-2 PAGBASA • Fil 4:12-14.19-20

Balangkas

* **12-13** – Iba't ibang karanasan ni Pablo at ang bukal ng kanyang lakas
* **14.19** – Ang pasasalamat at dasal para sa mga taga-Filipos
* **20** – Doksolohiya

Kaligirang Pangkasaysayan

Nakabilanggo noon si San Pablo (di tiyak kung sa Efeso o sa Roma) nang sulatan niya ang mga taga-Filipos, ang Kristiyanong pamayanang itinatag niya sa kanyang ikalawang misyonerong paglalakbay (mga AD 50). Pangunahing layunin ng kanyang liham ay pasalamatan ang mga taga-Filipos sa kanilang mga donasyon at paalalahanan silang mag-ingat sa mga kalaban ng pananampalataya.

Panimula

Ipinahayag ni Pablo sa huling bahagi ng kanyang liham sa mga taga-Filipos ang kanyang pag-iwas sa lahat ng bagay na materyal, gayundin ang kanyang pasasalamat sa mga donasyon sa kanya ng naturang pamayanan.

Pinapagninilay at pinatutulad tayo sa dalawang saloobing ito. Anupa't inaasahan tayong umiwas sa lahat ng makalupa at magpasalamat sa lahat ng taong kasangkapan para sa atin ng Dakilang Pagpapala.

Filipos 4:12-14.19-20

Mga kapatid: 12 Naranasan ko ang maghikahos. Nara-nasan ko rin ang managana. Natutuhan ko nang harapin ang ano mang katayuan: ang mabusog o magutom, ang kasaganaan o kasalatan. 13 Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Kristo.

14 Gayunman, ikinagagalak ko ang ginawa ninyong pagtulong sa akin. 19 At buhat sa kayamanan ng Diyos na hindi mauubos, ibibigay niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

20 Purihin ang ating Diyos at ama magpakailanman! Amen.

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Gaano ako kailap sa mga bagay na materyal? Anu-ano ang mga tanda ng aking pagiging mahilig o mailap?
2. Gaano katibay ang aking pananalig sa Dakilang Pagpapala?
3. Pinahahalagahan ko ba ang kabaitan ng mga tao sa aking paligid, o isinasawalang bahala ko ba lamang ito?

MABUTING BALITA • Mt 22:1-14

Balangkas

* **1** – Panimulang taludtod
* **2-6** – Ang kabaitan ng Hari at ang kanyang pakikitungo sa unang pangkat ng mga panauhin
* **7** – Ang parusa sa kanila
* **8-10** – Paanyaya sa lahat
* **11-13** – Pagpapaalis sa panauhing di karapat-dapat
* **14** – Kilalang kongklusyon o babala

Kaligirang Pangkasaysayan

Madalas si Hesus sa Jerusalem kung saan siya matagumpay na dumating, nagagalak na sinalubong ng mga pulutong ng karaniwang tao, at minanmanan ng mga panrelihiyong awtoridad na naiinggit at napopoot. Ang pagpapaalis niya sa mga negosyante at nagpapalit ng salapi sa templo ay naglagay sa kanya sa panganib, at siya'y tinanong kung ano ang karapatan niyang gawin ang lahat ng iyon. *(Sangguniin Mt 21:23-27.)*

Upang mapagnilay sila sa kanilang pananagutan at sa bigat ng kanilang pagtanggi, nagsalaysay si Hesus ng ilang talinghaga at inanyayahan silang tuklasin ang tamang kahulugan nito. Sa kasamaang palad, kahit naibigay nila ang tamang sagot sa antas ng teoriya, hindi pa rin nila tinanggap si Hesus bilang Mesiyas, at lalo pang tumibay ang pasya nilang iligpit si Hesus sa isang marahas na paraan.

Panimula

Gaya ng talinghaga ng nakaraang Linggo, ito man ay may kinalaman sa tila "hidwaang" namagitan kay Hesus at sa mga pinunong panrelihiyon ng Jerusalem.

Ito'y may mensahe – ang panlahat na panawagan sa kaligtasan at mga kahingian nito – na nakapananaig sa mga sanhi nitong kalagayang pangkasaysayan.

Mateo 22:1-14

Noong panahong iyon, [1] muling nagsalita si Hesus sa mga punong saserdote at matatanda ng bayan sa pamamagitan ng talinghaga. Sinabi niya:

[2] "Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: naghandog ng isang piging ang isang hari sa kasal ng kanyang anak na lalaki. [3] Sinugo niya ang kanyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan ngunit ayaw nilang dumalo. [4] Muli siyang nagsugo ng ibang mga alipin at kanyang pinagbilinan, 'Sabihin ninyo sa mga inanyayahan na naihanda ko na ang aking piging: napatay na ang aking mga baka at mga pinatabang guya, at handa na ang lahat ng bagay. Halina kayo sa piging!' [5] Ngunit hindi ito pinansin ng mga inanyayahan. Humayo sila sa kani-kanilang lakad; ang isa'y sa kanyang bukid at sa kanyang pangangalakal naman ang isa. [6] Sinunggaban naman ng iba ang mga alipin, hinamak at pinatay.

[7] Galit na galit ang hari. Pinaparoon niya ang kanyang mga kawal, ipinapuksa ang mga mamamatay-taong iyon at ipinasunog ang kanilang lunsod.

[8] Sinabi niya sa kanyang mga alipin, 'Nakahanda na ang piging, ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. [9] Kaya't pumunta kayo sa mga lansangang matao, at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' [10] Lumabas nga sa mga pangunahing lansangan ang mga alipin at isinama ang lahat ng natagpuan, masama't mabuti, anupa't napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.

[11] Pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhin, at nakita niya roon ang isang taong hindi nakadamit-pangkasalan. [12] 'Kaibigan, bakit ka pumasok dito nang hindi nakadamit-pangkasalan?' tanong niya. Hindi nakaimik ang tao. [13] Kaya't sinabi ng hari sa mga katulong, 'Gapusin ninyo ang kanyang kamay at paa at itapon siya sa kadiliman sa labas. Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang ngipin.'

[14] Sapagkat marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang nahihirang."

Sa Ganap na Pag-unawa sa Sipi

1. Kanino ipinatungkol ni Hesus ang talinghagang ito?
2. Ano ang reaksiyon ng unang pangkat ng mga panauhin sa paulit-ulit na paanyaya?
3. Paano sila pinarusahan ng hari?
4. Ano ang kasunod niyang ipinag-utos sa kanyang mga alipin?
5. Ano ang nangyari sa taong di-angkop ang gayak?

Pagtuklas sa Mensahe

1. Ano ang sinasagisag ng "piging pangkasalan"?
2. Tuklasin kung sino ang kinakatawan ng mga tauhan sa talinghaga.
3. Anu-ano ang mga pangunahing katangiang ipinakita ng hari?
4. Sa t. 9, ano ang binabanggit tungkol sa balak ng Diyos na pagliligtas sa sangkatauhan?
5. Ano ang kahulugan ng "damit pangkasal" na kailangan ng bawat panauhing inaanyayahan sa "piging ng kaharian?"

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Gaano kabilis ang aking pagtugon sa mga paanyaya ng Panginoon?
2. Paano ko pinakikitunguhan ang Kanyang mga sugo?
3. Alinsunod ba ang aking asal sa inaasahan ng Diyos? Bakit o bakit hindi?

PAGNINILAY

May plano ang Diyos – isang plano para sa kaligayahan ng lahat. Nais Niyang tipunin sa isang mag-anak, sa Kanyang mapagmahal na pamumuno bilang Ama, ang lahat ng Kanyang nilikhang kalarawan Niya. Ang gayong panlahat na pagtitipon sa kaligayahan ay malimit na ***sinasagisag ng isang piging.*** Iyon ang magiging kaganapan ng Kanyang Kaharian, at dito'y wala nang kamatayan, at wala na ring pagluha sa mga kasalukuyang paghihirap. *(Sangguniin Isa 25:8 at Pah 21:4.)*

Nauuna sa gayong pagdiriwang ang ***isang paghahanda – sa panahon ng "binubuong Kaharian," panahon ng Simbahan.*** Lahat ay inaanyayahang maging bahagi nito bilang mga panauhin sa isang piging ng Diyos para sa Kanyang Anak. *(Sangguniin ang sipi ng Ebanghelyo ngayon.)*

Kapuri-puri ang pagkabukas-palad ng Hari: nagsugo Siya sa Kanyang mga piling panauhing pilit Niyang pinaanyayahan. Subalit nakalulungkot ang naging pagtanggap sa ganitong paanyaya. Marapat lamang ang naging parusa sa kanila.

Sinasagisag ng talinghagang ito ang pagtugon ng Hinirang na Bayan sa paanyaya ng Diyos na tanggapin nila't papurihan ang Mesiyas. Sinasagisag din nito ang pagtugon ng sanlibutan. Laging bukas-palad at mabait ang Diyos. Gayunman, ang mga tao ay malimit na walang utang na loob, mapagmataas, at walang pagpapahalaga sa biyaya ng Diyos, at sa mga tunay na mahalaga sa buhay.

Pinapag-iisip at tinatanong tayo ng talinghaga: ***Paano ko tinutugon ang paanyaya ng Panginoong parangalan ko ang Kanyang Anak? Tulad din ba tayo ng mga pinaanyayahang may iba namang pagpapahalaga?*** *(Sangguniin Mt 22:5.)* ***Kasama ba tayo sa mga nasa piging (Simbahan), ngunit ang asal naman ay tunay na insulto sa dakilang nag-anyaya at isang iskandalo sa ibang panauhin?*** *(Sangguniin Mt 22:11.)*

Ang pagiging kaanib sa Kaharian ay tuwinang kaloob na di natin ikinapaging karapat-dapat. Ang inaasahan sa atin ngayo'y ang ating pagpapahalaga rito sa pamamagitan ng ating marapat na pamumuhay na angkop lamang sa karangalang kaloob sa atin ng pagmamahal ng Diyos.

SA LINGGONG HINAHARAP

Lunes • Rom 1:1-7 • Lu 11:29-32

Sinabi ni Hesus, "Napakasama ng lahing ito! Naghahanap sila ng palatandaan mula sa langit, subalit walang ipapakita sa kanila maliban sa palatandaang inilalarawan ng nangyari kay Jonas. Kung paanong naging isang palatandaan si Jonas sa mga taga-Ninive, gayon din naman, magiging isang palatandaan sa lahing ito ang Anak ng Tao." *(Lu 11:29-30)*

Martes • Rom 1:16-25 • Lu 11:37-41

Sinabi ni Hesus, "Kayong mga Pariseo, hinuhugasan ninyo ang labas ng tasa at ng pinggan, ngunit ang loob ninyo'y punung-puno ng kasakiman at kasamaan." *(Lu 11:39)*

Miyerkules • Ro 2:1-11 • Lu 11:42-46

Sinabi ni Hesus, "Kawawa kayo, mga Pariseo! Ibinibigay ninyo ang ikapu ng yerbabuena, ng ruda, at ng iba pan gulayin, ngunit kinaliligtaan ninyo ang katarungan at pag-ibig sa Diyos. Tamang gawin ninyo ito ngunit huwag naman ninyong kaliligtaang gawin ang mga iba." *(Lu 11:42)*

Huwebes • Rom 3:21-29 • Lu 11:47-54

Sinabi ni Hesus, "Kawawa kayo, mga dalubhasa sa Kautusan! Sapagkat inalis ninyo ang susi ng karunungan. Ayaw na ninyong magsipasok, hinahadlangan pa ninyo ang mga nagnanais pumasok." (Lu 11:52)

Biyernes • Rom 4:1-8 • Lu 12:1-7

"Walang natatago na di nalalantad, at walang nlilihim nadi mabubunyag. Anumang sabihin ninyo sa dilim ay maririnig sa liwanag at anumang ibulong ninyo sa mga gilid ay ipagsisigawan." *(Lu 12:2-3)*

Sabado • Rom 4:13. 16-18 • Lu 12:8-12

"Sinabi ko rin sa inyo, ang sinumang kumilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilalanin din naman ng Anak ng Diyos. Ngunit ang magtatwa sa akin sa harapan ng mga tao ay itatatwa ko rin naman sa harapan ng mga anghel." *(Lu 12:8-9)*